

# Proud Ako

Isinulat ni: Jochelle Magboo
Iginuhit ni: Matthew Ona



Hapon ng Lunes, nakaupo si Angel sa harap ng kanyang study table habang tinatapos ang isang writing activity sa kanyang Filipino 5 module: ang magsulat ng liham para sa isang minamahal sa buhay. Ang napili niyang bigyan ng liham ay ang best friend niyang si Kathy.


Dear Kathy, kamusta ka na? Ilang buwan na pala tayong hindi nagkikita dahil sa pandemya. Namimiss ko nang pumasok sa school kasama ka. Kamusta naman kayo ng Mama mo? Naku ang hirap ng kanyang ginagampanang trabaho bilang doktor. Sana ay lagi kayong ligtas, lalo na sa Covid.

Nakangiti si Angel habang sinusulat niya ang kanyang liham nang biglang may tumawag sa kanya mula sa labas ng bahay. Napakinggan ni Angel ang kanilang kalawanging gate na bumukas.

*Angel? Andito na si tatay. May dala akong pancit at lumpia*, masayang tawag ni Pido.




Ayaw sanang itigil ni Angel ang pagsusulat pero kailangan niyang batiin ang kanyang tatay at magmano sa kanya.
*Ano ba yan....*, inis na bumulong si Angel sabay kamot sa kanyang ulo. Tumayo na siya at lumabas ng kanyang kwarto para salubungin ang kanyang ama.



*Mano po, Tay*, sabi ni Angel habang sinusubukang kunin ang kamay ng kanyang tatay.



*Ay teka lang! Mag-aalcohol muna ako*, sagot naman ni Pido.
Iniisip ni Angel na sana pala ay hindi na lang niya itinigil ang kanyang pagsusulat dahil hindi rin naman pala siya makakapagmano nang maayos sa kanyang tatay.

Si Angel na lamang at ang kanyang tatay sa buhay.




Si Pido ay isang janitor sa munisipyo ng kanilang siyudad. Maliit lamang ang kanyang kita, pero ipinagmamalaki niya lagi ang kanyang ambag sa kagandahan at kalinisan ng kanilang siyudad.



***Aba! Napakalinis at napakaganda ng ating siyudad dahil mayroon silang janitor na pulidong magtrabaho***, iyan ang laging sinasabi ni Pido sa kanyang mga kaibigan tuwing siya ay kakamustahin tungkol sa trabaho.


Kilala na nga siya sa palayaw na...

Pido Pulido.




Matapos mag-alcohol ng kanyang mga kamay at braso, tila nalimutan na ni Pido ang hindi naituloy na pagmamano ni Angel. Umupo na siya sa may sala at binuksan ang kanilang TV.

*Angel, ilipat mo na itong lumpia at pancit sa mga plato*, inutos niya kasabay ang pag-abot kay Angel ng mga plastic bag ng pagkain. Nagtungo naman si Angel sa kanilang maliit na kusina.


Anak, alam mo ba kanina, ininterview ako ng Patrol TV! Panoorin natin mamaya. Aba eh ngayong gabi daw ii-air ang balita tungkol sa aming mga frontliners! Siguradong poging-pogi ako kapag nasa TV, pagyayaya ni Pido sa kanyang anak.


Kumuha si Angel ng mga plato at nagsimulang ilipat ang mga pagkain. Bumulong siya sa kanyang sarili na may kaunting inis sa pagmamalaki ng kanyang tatay.


Ano ba ang maganda sa pagiging isang janitor? Kahit na mainterview ka naman ng Patrol TV, tagalinis ka pa rin na maliit ang sahod, laging pagod sa trabaho, at minamaliit ng ibang tao. Hindi katulad ng nanay ni Kathy, doktora, kinikilala, malaki ang sahod, at maganda ang buhay. Kaya nga si Kathy ang swerte talaga ni Kathy. Hindi kagaya ko na anak lamang ng isang janitor.



Natapos na ni Angel ang paglilipat ng pagkain sa plato.

*Tay, okay na po. Kain na*

Sa pagtalikod ni Angel ay natigilan siya nang makita niya ang kanyang tatay na nakaupo sa kanilang hapag-kainan. Nakita ni Angel ang lungkot sa mga mata ni Pido. Ayaw man niyang aminin sa sarili, pero sigurado siyang napakinggan ng kanyang tatay ang lahat ng kanyang mga sinabi.






**Anak, iidlip muna ako. Napagod yata ako masyado sa trabaho. Mauna ka nang kumain,** nakangiting sinabi ni Pido sa kanyang anak. Tumayo siya mula sa kanyang kinauupuan at pumasok ng kanyang kwarto.


Bumagsak ang puso ni Angel. Umupo na siya at nagsimulang kainin ang inuwing pancit at lumpia ng kanyang tatay.

*Ang sarap naman nitong lumpia*, bulong ni Angel sa sarili habang tumutulo ang kanyang mga luha.

Habang tulala ay may naulinigan si Angel mula sa TV. *Kamusta naman po ang pagdidisinfect nitong wet market?* tanong ng reporter.



Tumakbo si Angel papunta sa kanilang sala. Nakita niya ang mukha ng kanyang tatay sa TV.




Nakakapagod po kasi tatlong araw na kaming nagdidisinfect ng buong Pasig kasama na nga itong wet market pero okay lang kasi alam kong makakabuti naman ito para sa lahat, sagot ni Pido sa reporter.


Talaga namang malaki ang utang na loob namin sa inyong mga naglilinis at nagdidisinfect ng mga public places. Tinatawag nga po kayong mga bayaning frontliners, komento ng reporter.



Ang sarap naman po niyan sa tainga, Ma am. Pero kung ako lang po, kahit di na po ako ituring na bayani, kahit isang munting janitor lang po, okay lang. Alam ko naman po sa aking sarili na bayani o hindi, tutulong akong mapabuti ang bayan kahit sa aking maliit na paraan. Sa dulo naman po ng lahat ng ito, ang anak ko naman ang makikinabang! Hello pala kay Angel, nasa TV na si tatay!, pagpapaliwag ni Pido. Kumirot lalo ang puso ni Angel.



Natapos na ang programang Patrol TV at pinatay ni Angel ang telebisyon. Inimis niya ang mga plato, at inilagay sa ilalim ng food cover ang natirang pancit at lumpia.

Di pa lumalabas ng kwarto ang kanyang tatay. Lumapit si Angel sa pinto ng kwarto ni Pido.


Kumatok siya at nagpaalam na siya ay matutulog na. Wala siyang nakuhang sagot mula sa ama. Pumasok siya sa loob ng kanyang kwarto at binalikan ang kanyang tinatapos na liham.



Biglang may naisip si Angel. Nilukot niya ang kanyang ginawang liham at nagsimula ulit ng panibago.

Dear Tatay,...




...Napanood ko po ang inyong interview sa TV kanina. Ang pogi mo nga kahit di naman nakikita ang iyong mukha dahil sa suot mong PPE. Tay, pasensya ka na pala sa mga nasabi ko kanina. Napagtanto ko pong ang baba ng tingin ko sa aking sarili, at higit sa lahat ay sa inyo. Di mo yun deserve, Tay. Ako din, hindi ko rin dapat minamaliit ang aking sarili. Oo, mahirap lang tayo at janitor ka, pero marami kang natutulungan sa paggampan ng iyong trabaho, lalo na ngayong pandemya..



Tay, proud ako sa'yo dahil ang sipag-sipag mo at ang swerte ko dahil anak mo ako. Huwag kang mag-alala, Tay, simula ngayon mas pagbubutihan ko pa at kahit kailan ay di ko na mamaliitin ang aking sarili at lalo na ikaw. Proud akong maging anak ng janitor na si Pido Pulido.

Matapos na ni Angel ang kanyang liham. Ipinasok niya ito sa isang sobre. Matapos itong i-glue ay lumabas siya ng kanyang kwarto at pinakiramdaman ang tatay niya sa loob ng kwarto nito.





Ngumingisi siyang isinuksok ang sobre sa maliit na siwang sa pagitan ng sahig at ng pinto.

At nagtatakbo na siya pabalik ng kanyang kwarto na may kaluwagan ng loob at kakuntentuhan sa sarili.



Napansin naman agad ni Pido ang nakasuksok na sobre.

Kinuha niya ito at binuksan. Sa pagbabasa niya ng liham ni Angel, pumatak ang kanyang mga luha.

***Itong anak ko talaga***, sinabi ni Pido nang may ngiti sa labi.